# Mga Tagubilin sa Pagkolekta ng Laway





**1 Oras ng Pagkolekta:** Subukan na kolektahin ang iyong sample sa umaga bago isumite ito. Panatilihin ito sa repridyereytor kung kinolekta mo ito noong gabi bago mo isumite ito.. Mangyaring subukan na iwasan ang pagkain, pag-inom, pagnguya ng gum, paninigarilyo, o pag-vape sa loob ng 30 minuto bago kolektahin ang iyong sample.




**2 Buksan ang Bag:** Sa bag, mayroong isang asul na imbudo at isang tubo na may isang asul na takip. Ang tubo ay may likido sa loob. Maingat na tanggalin ang asul na takip, iwasan ang mga tulo, at isatabi ang tubo na nakatayong pataas. Ilagay ang palabasan ng imbudo sa loob ng tubo.



**3 Dumura sa Imbudo:** Dahan-dahang dumura sa imbudo. Panatilihin ang laway sa iyong bibig nang hindi lumulunok, pagkatapos ay dumura sa imbudo. Mag-isip ng isang bagay na masarap o maasim para makatulong sa paggawa ng laway.




**4 Punan hanggang sa Pulang Linya:** Punan ang lalagyan ng sapat na laway upang maabot ang pulang linya – maaaring tumagal ito ng mga ilang minuto. Huwag pansinin ang anumang mga bula sa laway, ang mga bula ay hindi binibilang sa kabuuang halaga.



**5 Itapon ang Imbudo:** Alisin ang imbudo at itapon ito sa basurahan. Isara muli ang asul na takip sa lalagyan. Siguraduhin na ang takip ay mahigpit na nakasara upang maiwasan ang pagtulo. Kung ikaw ay isang bata, humingi ng tulong sa isang may sapat na gulang.



**6 Paghaluin Ito:** Kapag ang takip ay nakasara nang mahigpit, dahan-dahang kalugin ang lalagyan ng 3 hanggang 5 beses upang paghaluin ang lahat ng nasa loob.




**7 Lagyan ng etiketa ang tubo:** Isulat ang iyong legal na unang pangalan at apelyido, kasama ang iyong petsa ng kapanganakan, sa etiketa. Idikit ang etiketa nang patayo sa lalagyan. Tandaan, kung hindi tama ang etiketa ng iyong sample, hindi namin ito mapoproseso.




**8 Kumpletuhin ang Rekisisyon:** Punan nang ganap ang iyong rekisisyon sa lab. Isulat ang iyong buong legal na pangalan na tumutugma sa pangalan ng iyong healthcard.




**9 Pagsusupot:** Ibalik ang iyong may etiketang sample ng laway sa plastik na bag na kasama nito. Isara ang bag. Tiklupin ang nakumpletong papel ng rekisisyon ng lab at ilagay ito sa labas na bulsa ng plastik na bag.

**10 Pagsusumite:** Maaaring isumite ang mga spit-kit sa loob ng cooler sa mga itinalagang **'Saliva Kit Drop-off'** na istasyon ng iyong paaralan. Para sa mga resulta sa susunod na araw, dalhin ang iyong sample bago dumating ang courier sa iyong paaralan (maaari mong kumpirmahin ang oras ng pagdating ng courier sa iyong pinuno sa paaralan). Kung pupunta ka upang isumite ang sample sa Biyernes pagkatapos kinuha ang mga sample ng courier, mangyaring itago ang iyong sample sa repridyereytor hanggang sa katapusan ng linggo at isumite ito sa Lunes. Ito ay upang matiyak na ang temperatura ng sample ay nananatiling matatag hanggang sa katapusan ng linggo.

**Mga tip sa paglalagay ng etiketa**

Mangyaring kumpletuhin ang rekisisyon gamit ang iyong buong legal na mga pangalan. Hindi namin matatanggap ang mga mas gustong pangalan sa ngayon.

Ang legal na una at huling pangalan, kasama ang petsa ng kapanganakan sa rekisisyon ay dapat TUMUGMA sa una at huling pangalan at petsa ng kapanganakan sa sample na etiketa.

Tandaan na lagyan ng etiketa ang iyong sample. Hindi mapoproseso ang mga sample na walang etiketa.

I-scan ang QR code upang panoorin ang aming mga tagubilin sa video ng laway o bisitahin ang www.sickkids.ca/salivatestingprogram

SickKids